

Los Angeles County

DMC-ODS

Isinaayos na Sistema ng
Paghahatid ng Gamot
ng Medi-Cal

TAGALOG

**Tumatalab ang
Paggamot at Possible
ang Paggaling!**



Mga Serbisyo sa Paggamot ng Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap

HANDBOOK NG PASYENTE

NOBYEMBRE 2023 | Version 3.0

1000 South Fremont Avenue, Building A-9 East, Box #34, Alhambra, California, 91803

Tumatalab Ang Paggamot at Posible Ang Paggaling

TALAAN NG NILALAMAN

PANGKALAHATANG IMPORMASYON	2
MGA SERBISYO	10
PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG DRUG MEDI-CAL ORGANIZED DELIVERY SYSTEM.....	24
PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYO SA PANGKAISIPANG KALUSUGAN	30
BATAYAN NG PAG-ACCESS AT MEDIKAL NA KINAKAILANGAN.....	31
PAGPILI NG PROVIDER.....	33
PAUNAWA NG PAGPAPASYA NA SALUNGAT SA BENEPISYO	36
MGA PROSESO NG RESOLUSYON SA PROBLEMA	41
ANG PROSESO NG KARAINGAN	44
ANG PROSESO NG APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)	47
ANG PROSESO NG PAGDINIG NG ESTADO	53
MAHAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMANG MEDI-CAL NG ESTADO NG CALIFORNIA	59
PAUNANG DIREKTIBA.....	61
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG BENEPISYARYO	63
KAHINGAN SA PAGLIPAT NG PANGANGALAGA	68



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

PANGKALAHATANG IMPORMASYON


Mga Serbisyong Pang-emergency

Ang mga serbisyong pang-emergency ay 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo. Kung sa palagay mo ay mayroon kang emergency na nauugnay sa kalusugan, tumawag sa 911 o magpunta sa pinakamalapit na emergency room para sa tulong.

Ang mga Serbisyong Pang-emergency ay mga serbisyong ibinibigay para sa hindi inaaasahang medikal na kondisyon, kabilang ang pangkaisipang medikal na kondisyon na pang-emergency.

Mayroong medikal na kondisyong pang-emergency kapag may mga sintomas ka na nagdudulot ng malubhang kirot o malalang pagkakasakit o pinsala, na pinaniniwalaan ng isang maingat o mapanigurong tao na hindi nag-aral ng medisina (layperson) na makatwirang maaasahan na ang hindi pagkakaroon ng pangangalagang medikal ay maaaring:

- Ilagay ang iyong kalusugan sa seryosong panganib, o
- Kung ikaw ay buntis, maaaring malagay ang kalusugan mo o ang kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol sa seryosong panganib, o
- Magdulot ng malubhang pinsala sa paraan ng paggana ng iyong katawan, o
- Magdulot ng malubhang pinsala sa anumang organ o bahagi ng katawan.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

May karapatan kang gumamit ng anumang ospital kung sakaling may emergency. Ang mga serbisyong pang-emergency ay hindi nangangailangan ng awtorisasyon.

Sino Ang Aking Kokontakin Kung Nakakaisip Akong Magpakamatay?

Kung ikaw o ang isang taong kakilala mo ay dumaranas ng krisis, mangyaring tawagan ang National Suicide Prevention Lifeline sa **988** o **1-800-273-TALK (8255)**.

Para sa mga lokal na residente na naghahanap ng tulong sa isang krisis at upang ma-access ang mga programa sa pangkaisipang kalusugan, mangyaring tawagan ang:

Los Angeles County Human Services Hotline

<http://www.211la.org> I-dial ang “211”

Nagbibigay ng 24 na Oras na tulong sa wika

Los Angeles County Department of Mental Health

<http://dmh.lacounty.gov> 800-854-7771

Nagbibigay ng 24 na Oras na tulong sa wika

Didi Hirsch – Suicide Prevention Hotline

<http://www.didihirsch.org>

877-7-CRISIS o 877-727-4747

California Youth Crisis Line

www.youthcrisisline.org 1-800-843-5200

Nagbibigay ng 24 na Oras na tulong sa wika

The Soldiers Project

www.thesoldiersproject.org

877-576-5343



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

The Trevor Project<http://www.thetrevorproject.org>

866-4-U-TREVOR (866-488-7386)


Asian Pacific Counseling and Treatment Centers<http://www.apctc.org>

Nagbibigay ng tulong sa wika sa 213-252-2100

Los Angeles Gay and Lesbian Center<http://www.lagaycenter.org> 323-993-7400**Bakit Mahalagang Basahin Ang Handbook Na Ito?**

Welcome sa sistema ng pangangalaga ng Los Angeles County sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya. Ang dokumentong ito ay naglalarawan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Estado ng California. Ang Drug Medi-Cal ay isang uri ng health insurance na nagbabayad para sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya (kilala rin bilang adiksiyon sa droga at alak) para sa mga kwalipikadong miyembro.

Ang Estado ng California ay nakikipagkontrata sa Division of Substance Abuse Prevention and Control ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles (Los Angeles County Department of Public Health) upang magbigay ng mga serbisyo sa paggamot sa mga kwalipikadong benepisyaryo. Sa County ng Los Angeles, ang planong pangkalusugan o health insurance sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksiyon sa droga at alak, ay tinatawag na Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang mga serbisyo sa ilalim ng Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay inihahatid ng isang network ng mga provider na may kasunduan sa Los Angeles County na magbigay ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksiyon sa droga at alak.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Sa buong Handbook ng Pasyente, sasangguniin o tutukuyin natin ang “County Plan” o “Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System o DMC ODS”. Nangangahulugan lamang ito ng mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substansya o adiksyon sa droga at alak na available nang walang bayad para sa mga residente ng Los Angeles County na kwalipikado o naka-enroll sa Medi-Cal o My Health LA, o pinasangguni sa ilang partikular na programang pinondohan ng sistema ng hustisya sa kabataang nagkasala o kriminal.

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang plano ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System upang makuha mo ang pangangalagang iyong kailangan. Ang handbook na ito ay nagpapaliwanag ng iyong mga benepisyong at kung paano makukuha ang pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa iyong mga katanungan.

Matututunan mo kung:

- Paano makakatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksyon sa droga at alak sa pamamagitan ng plano ng iyong county na Drug Medi-Cal Organized Delivery System
- Ano-anong mga benepisyong makukuha mo
- Ano ang gagawin kung mayroon kang tanong o problema
- Ano-ano ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang benepisyaryo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County

Kung hindi mo mabasa ang handbook na ito ngayon, dapat mong itago ang handbook na ito para mabasa mo ito sa ibang pagkakataon. Gamitin ang handbook na ito bilang karagdagan sa handbook ng benepisyaryo na natanggap mo noong nagpatala ka sa iyong kasalukuyang benepisyong ng Medi-Cal. Ang iyong benepisyong sa Medi-Cal ay maaaring kasama ng isang plano sa pinangangasiwang pangangalaga ng Medi-Cal o sa regular na programang “Bayad para sa Serbisyo” (Fee for Service) ng Medi-Cal.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Bilang Isang Benepisyaryo ng Iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County Plan, Responsibilidad ng Iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang:


- Pagtukoy kung natutugunan mo ang mga pamantayan para sa pagkuha ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County mula sa county o sa network ng provider nito.
- Pag-uugnay sa iyong pangangalaga sa iba pang mga plano o sistema ng paghahatid kung kinakailangan upang mapadali ang mga paglipat ng pangangalaga at gabayan ang mga referral para sa mga benepisyaryo, na tinitiyak na kumpleto o sarado ang referral loop, at tinatanggap ng bagong provider ang pangangalaga ng benepisyaryo.
- Pagbibigay ng libreng tawagan (toll-free) na numero ng telepono na sinasagot nang 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo, na makapagsasabi sa iyo tungkol sa kung paano makakakuha ng mga serbisyo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County sa Substance Abuse Service Helpline (SASH) sa 1-844-804-7500 upang hilingin ang pagkakaroon ng pangangalaga nang lampas sa karaniwang oras ng trabaho.
- Ang pagkakaroon ng sapat na provider na malapit sa iyo upang matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksyon sa droga at alak na sakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County kung kailangan mo ang mga ito.
- Pagbibigay-alam at pagtuturo sa iyo tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County.
- Pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa iyong wika o ng isang interpreter (kung kinakailangan) nang walang bayad at pagpapaalam sa iyo na available ang mga serbisyo ng interpreter na ito.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang available sa ibang mga wika o format. Kabilang dito ang pagkakaroon ng Handbook ng Pasyente sa ibang mga wika at paggamit ng mga pantulong na kagamitan at serbisyo para sa mga taong may kapansanan.
- Pagbibigay sa iyo ng abiso ng anumang makabuluhang pagbabago sa impormasyong tinukoy sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ang nilalayong petsa ng bisa ng pagbabago. Ang pagbabago ay maituturing na makabuluhan kapag may pagtaas o pagbaba sa halaga o uri ng mga serbisyo na magagamit, o kung mayroong pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga tagapagkaloob o provider ng network, o kung mayroong anumang iba pang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County.
- Pagbibigay-alam sa iyo kung ang sinumang nakakontratang tagapagkaloob o provider ay tumangging gumanap o kung hindi man, ay sumusuporta sa anumang saklaw na serbisyo dahil sa moral, etikal, o relihiyosong pagtutol at pagpapaalam sa iyo ng mga alternatibong provider na nag-aalok ng saklaw na serbisyo.
- Pagtiyak na patuloy kang may access sa iyong dati at kasalukuyang out-of-network provider sa loob ng isang yugto ng panahon kung ang pagpapalit ng mga tagapagkaloob o provider ay magiging sanhi ng pagdurusa ng iyong kalusugan o madaragdagan ang iyong panganib na maospital.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System, maaari mong tawagan ang Substance Abuse Service Helpline o SASH sa 1-844-804-7500 o tawagan ang 1-888-742-7900 at pindutin ang 7 para makipag-ugnayan sa Miyembro ng Support Team ng Los Angeles County Drug Medi-Cal System.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na Nangangailangan ng Mga Materyal sa Ibang Wika

Ang lahat ng materyal na nagbibigay ng impormasyon sa benepisyaryo, kabilang ang Handbook ng Pasyente at mga form ng Karaingan at Apela ay available sa wikang Ingles, Espanyol/Kastila, Arabic, Armenian, Cambodian (Khmer), Cantonese, Farsi, Hmong, Korean, Mandarin, Russian, Tagalog, at Vietnamese. Maaari mong makuha o magamit ang mga materyal sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga provider ng network ng iyong Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System o sa pamamagitan ng pagbisita sa page ng “Mapagkukunan at Impormasyon ng Pasyente” (Patient Resource and Information) sa <http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm>. Maaari mo ring hilingin sa provider na gumagamot sa iyo na tulungan ka sa pagkuha ng libreng kopya ng mga materyal na ito.

Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na Nahihirapang Magbasa

Ang mga benepisyaryo na nahihirapang magbasa o may problema sa pagbabasa, ay maaaring tumawag sa 1-888-742-7900 at pindutin ang 7 para makipag-ugnayan sa Miyembro ng Support Team ng Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System, o bisitahin ang page ng “Mapagkukunan at Impormasyon ng Pasyente” (Patient Resource and Information) sa <http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm>, para sa higit pang impormasyon kung paano kumuha ng mga materyal sa mga alternatibong format (mga halimbawa: audio, malalaking limbag). Maaari mo ring hilingin sa provider na gumagamot sa iyo na tulungan ka sa pagkuha ng libreng kopya ng mga materyal na ito.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na May Kapansanan sa Pandinig

Ang mga benepisyaryo na nahihirapang magbasa o may problema sa pagbabasa, ay maaaring tumawag sa 1-888-742-7900 at pindutin ang 7 para makipag-ugnayan sa Miyembro ng Support Team ng Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System, o bisitahin ang page ng “Mapagkukunan at Impormasyon ng Pasyente” (Patient Resource and Information) sa <http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm>, para sa higit pang impormasyon kung paano kumuha ng mga materyal sa mga alternatibong format (mga halimbawa: audio, malalaking limbag). Maaari mo ring hilingin sa provider na gumagamot sa iyo na tulungan ka sa pagkuha ng libreng kopya ng mga materyal na ito.

Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na May Kapansanan sa Paningin

Ang mga benepisyaryo na nahihirapang magbasa o may problema sa pagbabasa, ay maaaring tumawag sa 1-888-742-7900 at pindutin ang 7 para makipag-ugnayan sa Miyembro ng Support Team ng Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa, o bisitahin ang page na “Mapagkukunan at Impormasyon ng Pasyente” (Patient Resource and Information) sa <http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm>, para sa higit pang impormasyon kung paano kumuha ng mga materyal sa mga alternatibong format (mga halimbawa: audio, malalaking limbag). Maaari mo ring hilingin sa provider na gumagamot sa iyo na tulungan ka sa pagkuha ng libreng kopya ng mga materyal na ito.

Paunawa ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Maaaring kumuha ang mga benepisyaryo ng kopya ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado mula sa provider na gumagamot o nang online sa iyong Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa: <http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm>.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

MGA SERBISYO

Ano Ang Mga Serbisyo ng County ng Drug Medi-Cal Organised Delivery System?

Ang mga serbisyo ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksiyon sa droga at alak o, sa ilang pagkakataon, ay nanganganib na magkaroon ng karamdaman sa paggamit ng droga at alak na hindi nagagamot ng regular na doktor. Maaari kang sumangguni sa seksyon na “Pagsusuri, Maikling Interbensyon, Pagpapasangguni sa Mga Serbisyo sa Paggamot at Maagap na Interbensyon” (Screening, Brief Intervention, Referral to Treatment and Early Intervention Services) ng abisong ito para sa karagdagang impormasyon.

Kabilang sa mga serbisyo ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang:

- Mga Serbisyo ng Outpatient na Paggamot
- Mga Intensibong Serbisyo ng Outpatient na Paggamot
- Mga Serbisyo sa Bahagyang Pagpapaospital (available lamang para sa mga adulto/nasa legal na edad sa ilang mga county, subalit ang mga menor de edad ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maagap at Taunang Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot anuman ang county na kanilang tinitirhan)
- Mga Serbisyo ng Paggamot na Pangresidensyal/Inpatient (sumasailalim sa paunang awtorisasyon ng county)
- Mga Serbisyo ng Pangangasiwa sa Pagwawakas ng Paggamit (Withdrawal)
- Mga Serbisyo ng Programa sa Paggamot na Narkotiko




Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon (Medications for Addiction Treatment o MAT)
- Mga Serbisyo sa Pagpapagaling
- Mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan (available lamang para sa mga adulto/nasa legal na edad sa ilang mga county, subalit ang mga menor de edad ay maaaring maging kwalipikado para sa mga serbisyo sa ilalim ng Maagap at Taunang Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot saanmang county sila nakatira)
- Mga Serbisyo ng Koordinasyon sa Pangangalaga
- Pangangasiwa sa Hindi Inaasahang Pagkakataon (available lamang sa ilang county)

Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa bawat serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na maaaring available sa iyo, tingnan ang mga paglalarawan sa ibaba:

Mga Serbisyo ng Outpatient na Paggamot

- Ang mga serbisyo sa pagpapayo ay ibinibigay sa mga benepisyaryo nang hanggang siyam na oras sa isang linggo para sa mga adulto/nasa legal na edad at wala pang anim na oras sa isang linggo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang kapag medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa pinakamataas ang mga serbisyo batay sa indibidwal na pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa anumang naaangkop na lugar sa komunidad. Maaari itong personal, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth.
- Kasama sa mga Serbisyo sa Outpatient ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga pangmedikasyong serbisyo, Mga Medikasyon para

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng alak at iba pang mga sakit sa paggamit ng substansya na hindi opioid. Kasama rin dito ang edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga pang-interbensyong serbisyo para sa krisis na kaugnay ng karamdaman sa paggamit ng substansya.

Mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient

- Ang mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient ay ibinibigay sa mga benepisyaryo nang hindi bababa sa siyam na oras at hindi lalampas sa 19 na oras sa isang linggo para sa mga nasa adulto/nasa legal na edad, at nang hindi bababa sa anim na oras at hindi lalampas sa 19 na oras sa isang linggo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Pangunahing binubuo ang mga serbisyo ng pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga problemang nauugnay sa adiksiyon. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa isang isinaayos na setting. Ang mga Intensibong Serbisyo ng Outpatient na Paggamot ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kasama sa Mga Intensibong Serbisyo sa Outpatient ang kaparehong mga bahagi ng Mga Serbisyo ng Outpatient. Ang tumaas na bilang ng mga oras ng serbisyo ay ang pangunahing pagkakaiba.
- Ang Drug Medi-Cal Organised Delivery System ng Los Angeles County ay nagbibigay ng pinalawig na benepisyaryo para sa mga babaeng buntis at nagpapalaki ng anak na nagpapataas ng mga limitasyon ng serbisyo sa 30 oras para sa intensibo o masinsinang mga serbisyo sa outpatient.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Ang Bahagyang Pagpapaospital (hindi available sa Los Angeles County, ngunit ang mga menor de edad ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maagap at Panapanahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot saanmang county sila nakatira)

- Ang mga serbisyo ng Bahagyang Pagpapaospital o Partial Hospitalization ay nagtatampok ng 20 o higit pang oras ng intensibong pagpoprogramang klinikal bawat linggo, basta medikal na kinakailangan. Ang mga programa ng bahagyang pagpapaospital ay karaniwang mayroong direktang access sa mga serbisyong pangkaisipan, medikal, at laboratoryo, gayundin sa mga pagtugon sa mga natukoy na mga pangangailangan na marapat na araw-araw na subaybayan o pangasiwaan, ngunit maaaring angkop na matugunan sa isang klinikal na intensibong outpatient na setting. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa pamamagitan ng magkakasabay na telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Ang mga serbisyo ng Bahagyang Pagpapaospital o Partial Hospitalization ay katulad ng Intensibong Mga Serbisyo sa Outpatient, na may pagtaas sa bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal na siyang pangunahing pagkakaiba.

Residensyal na Paggamot na (napapailalim sa awtorisasyon ng county)

- Ang Residensyal na Paggamot ay isang hindi pang-institusyon at 24 na oras na di medikal at panandaliang residensyal na programa na nagbibigay ng mga serbisyong pangrehabilitasyon sa mga benepisyaryo na may diagnosis ng karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksiyon sa droga at alak kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Ang benepisyaryo ay dapat nakatira sa lugar at dapat nasusuportahan sa kanilang pagsisikap na maibalik, mapanatili, mailapat ang interpersonal at independenteng kasanayan sa pamumuhay, at maabot ang mga sistema ng suporta sa komunidad. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal, gayunpaman, ang telehealth at



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapo/PatientPublic.htm.

telepono ay maaari ding gamitin upang magbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa residensyal na paggamot. Ang mga provider at residente ay nagtutulungan upang tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga priyoridad, magtatag ng mga layunin, at malutas ang mga problemang nauugnay sa karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksyon sa droga at alak. Kasama sa mga layunin ang pagpapanatili ng pag-iwas, paghahanda para sa mga nagbubunsod ng pagbabalik, pagpapabuti ng personal na kalusugan at kakayahang makilahok sa relasyong panlipunan, at pakikibahagi sa patuloy na pangangalaga.

- Ang mga serbisyong pangresidensyal ay nangangailangan ng paunang awtorisasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County.
- Kabilang sa mga Serbisyong Pangresidensyal ang pagtanggap at pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayong panggrupo, therapy ng pamilya, mga pangmedikasyong serbisyo, Mga Medikasyon para sa Adiksyon paggamot para sa karamdaman sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon sa paggamit ng alak at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng substansya na hindi opioid. Kasama rin dito ang edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga pang-interbensiyong serbisyo para sa krisis na kaugnay ng karamdaman sa paggamit ng substansya.
- Ang mga provider ng mga Serbisyong Pangresidensyal ay inaatasang mag-alok ng mga medikasyon para sa paggamot sa adiksyon nang direkta sa mismong lugar o padaliin ang pag-access sa mga medikasyon para sa paggamot sa adiksyon sa labas ng lugar sa panahon ng residensyal na paggamot. Hindi natutugunan ng mga provider ng Serbisyong Pangresidensyal ang iniaatas na ito sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga medikasyon sa mga provider ng paggamot sa adiksyon. Ang mga provider ng Serbisyong Pangresidensyal ay inaatasang



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

mag-alok at magreseta ng mga medikasyon sa mga benepisyaryo na saklaw sa ilalim ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

Mga Serbisyo ng Inpatient na Paggamot (iba't iba ayon sa county)

- Nag-aalok ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Mga Serbisyo ng Inpatient na Paggamot.
- Ang mga inpatient na serbisyo ay ibinibigay sa isang 24 na oras na setting na nagbibigay ng propesyonal na tagubilin ng pagsusuri, pagmamasid, medikal na pagsubaybay, at paggamot sa adiksiyon sa isang inpatient na setting. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, ang telehealth at telepono ay maaari ding gamitin upang magbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa inpatient na paggamot.
- Ang mga inpatient na serbisyo ay lubos na nakaayos, at ang isang manggagamot ay malamang na available sa mismong lugar nang 24 na oras araw-araw, kasama ang mga Rehistradong Nars, mga tagapayo sa adiksiyon, at iba pang mga klinikal na kawani. Kasama sa mga Serbisyo sa Inpatient ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga pangmedikasyong serbisyo, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng Alak at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng substansya na hindi opioid. Kasama rin dito ang edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, mga pang-interbensyong serbisyo para sa krisis na kaugnay ng karamdaman sa paggamit ng substansya.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Programa sa Paggamot na Narkotiko

- Ang Programa sa Paggamot na Narkotiko ay mga programang outpatient na nagbibigay ng mga gamot na inaprubahan ng FDA upang gamutin ang mga karamdaman sa paggamit ng substansya kapag iniutos ng isang manggagamot o doktor bilang medikal na kinakailangan. Ang mga Programa ng Paggamot na Narkotiko ay inaatasang mag-alok at magreseta ng mga medikasyon o gamot sa mga benepisyaryo na saklaw sa ilalim ng pormularyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Ang isang benepisyaryo ay dapat alukin, sa pinakamababa, ng 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo bawat buwan sa kalendaryo. Ang mga serbisyong ito sa pagpapayo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Kasama sa Mga Serbisyo ng Paggamot na Narkotiko ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, medikal na psychotherapy, mga pangmedikasyong serbisyo, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng alkohol at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng substansya na hindi opioid. Kasama rin dito ang edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga pang-interbensyong serbisyo para sa krisis na kaugnay ng karamdaman sa paggamit ng substansya.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Paggamot na Narkotiko ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, medikal na psychotherapy, mga pangmedikasyong serbisyo, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng alak at iba pang mga karamdaman sa paggamit ng substansya na hindi opioid. Kasama rin dito ang



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga pang-interbensyong serbisyo para sa krisis na kaugnay ng karamdaman sa paggamit ng substansya.

Pangangasiwa sa Pagwawakas ng Paggamit (Withdrawal)

- Ang mga serbisyo ng pangangasiwa sa pagwawakas ng paggamit (withdrawal) ay apurahan at ibinibigay sa isang panandaliang batayan. Ang mga serbisyo ng Pangangasiwa sa Pagwawakas ng Paggamit (Withdrawal) ay maaaring ibigay bago makumpleto ang isang buong pagtatasa at maaaring ibigay sa isang outpatient, residensiyal, o inpatient na setting.
- Ang bawat benepisyaryo ay dapat manirahan sa pasilidad kung tumatanggap ng pangresidensyal na serbisyo at susubaybayan sa panahon ng proseso ng pagtatanggal sa katawan ng sangkap ng alak o droga (detoxification). Ang mga serbisyong medikal na nangangailangan ng habilitasyon at rehabilitasyon ay ipinapayo ng isang lisensyadong manggagamot o lisensyadong tagapayo.
- Kabilang sa Mga Serbisyo ng Pangangasiwa sa Pagwawakas ng Paggamit ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, mga pangmedikasyong serbisyo, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng opioid, Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa paggamit ng alak at iba pang mga karamdaman sa paggamot ng substansya na hindi opioid, obserbasyon, at mga serbisyo sa pagpapagaling.
- Ang mga serbisyo ng Pangangasiwa sa Pagwawakas ng Paggamit ay ibinibigay sa loob ng 14 na magkakasunod na araw o higit pa batay sa pangangailangang medikal.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Mga Gamot/Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon

- Ang Mga Serbisyo ng Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon ay available sa klinikal at di-klinikal na mga setting. Ang mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon ay ang paggamit ng mga inireresetang gamot, kasama ng pagpapayo at mga therapy sa gawi o pag-uugali, upang magbigay ng isang buong-tao na diskarte sa paggamot ng mga karamdaman sa paggamit ng substansya (droga at alak).
- Kabilang sa mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon ang lahat ng mga gamot na inaprubahan ng FDA at mga biyolohikal na produkto na nakagagamot ng mga karamdaman sa paggamit ng alak, karamdaman sa paggamit ng opioid, at anumang karamdaman sa paggamit ng substansya. Ang mga benepisyaryo ay may karapatan na alukin ng Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa mismong lugar o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad.
- Ang mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon ay maaaring ibigay kasama ng mga sumusunod na serbisyo: pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayong indibidwal, pagpapayong panggrupo, therapy ng pamilya, mga pangmedikasyong serbisyo, edukasyon ng pasyente, at mga serbisyo sa pagpapagaling. Kasama rin dito ang mga pang-interbensyong serbisyo para sa krisis na kaugnay ng karamdaman sa paggamit ng substansya, at mga serbisyo sa pangangasiwa ng pagwawakas sa paggamit (withdrawal).
- Maaari ding makuha ng mga benepisyaryo ang Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon sa labas ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Halimbawa, ang mga medikasyon para sa paggamot sa adiksiyon, gaya ng Naloxone, ay maaaring ireseta o ipayo ng ilan sa mga nagrereseta/nagpapayo sa setting ng pangunahing pangangalaga na gumagana sa iyong Medi-Cal Managed Care Plan (ang regular na Medi-Cal “Fee for Service” program) at maaaring ipamahagi o ibigay sa isang parmasya.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan (iba't iba ayon sa county)

- Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Los Angeles County ay nag-aalok ng mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan.
- Ang mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan ay mga serbisyong indibidwal at panggrupo na may kakayahang pangkultura na nagtataguyod ng pagpapagaling, katatagan, pakikibahagi, pakikisalamuhang panlipunan, pagsasarili/pagkakaroon ng sariling kakayahan, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong itinalagang makabuluhang (mga) taong sumusuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Specialist sa mga Serbisyo sa Suporta sa Kasamahan ay isang indibidwal na nasa pagpapagaling na may kasalukuyang aprubado ng Estado na sertipikasyon na programa at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksyon ng isang Behavioral Health Professional na lisensyado, sertipikado (waivered), at rehistrado sa Estado.
- Ang mga Serbisyo ng Suporta sa Kasamahan ay kinabibilangan ng mga grupo ng pagbuo ng kasanayan, mga serbisyo ng pakikibahagi upang hikayatin ka na makilahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga nakagagaling o terapeutikong aktibidad gaya ng pagsusulong ng pagtataguyod sa sarili.

Mga Serbisyo sa Pagpapagaling

- Ang mga Serbisyo sa Pagpapagaling ay maaaring mahalaga sa iyong pagpapagaling at kalusugan. Ang mga serbisyo sa pagpapagaling ay makatutulong sa iyo na kumunekta sa



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

komunidad ng paggamot upang pangasiwaan ang iyong kalusugan at pangangalaga sa kalusugan. Kaya nga, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang iyong tungkulin sa pangangasiwa ng iyong kalusugan, paggamit ng epektibong mga estratehiya o diskarte ng suporta sa pangangasiwa sa sarili, at pagsasaayos ng panloob at pangkomunidad na mapagkukunan para magbigay ng patuloy na suporta sa pangangasiwa sa sarili.

- Maaari kang tumanggap ng Mga Serbisyo ng Pagpapagaling batay sa iyong pagtatasa sa sarili o ng provider sa panganib ng muling pagkakaroon ng karamdaman. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kabilang sa mga Serbisyo ng Pagpapagaling ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayong, therapy ng pamilya, pagbabantay sa pagpapagaling, at mga bahagi ng pagsugpo sa muling pagkakasakit.

Koordinasyon ng Pangangalaga

- Ang Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad para magbigay ng koordinasyon ng pangangalaga sa karamdaman sa paggamit ng substansya o adiksyon sa droga at alak, pangangalaga sa kalusugan ng isip, at pangangalagang medikal, at upang magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ang Koordinasyon ng Pangangalaga ay ibinibigay kasama ng lahat ng mga serbisyo at maaaring mangyari sa mga klinikal o hindi klinikal na mga setting, kabilang sa iyong komunidad.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga provider ng kalusugan na pangmedikal at pangkaisipan upang subaybayan at suportahan ang mga kondisyon ng kalusugan, pagpapalano ng paglabas, at koordinasyon



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

sa mga pantulong na serbisyo kabilang ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyong nakabatay sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

Pangangasiwa sa Contingency

- Ang County Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Los Angeles County ay nag-aalok ng Mga Serbisyo ng Pangangasiwa sa Contingency sa mga piling lokasyon.
- Ang Mga Serbisyo ng Pangangasiwa sa Contingency ay paggamot na nakabatay sa ebidensya para sa karamdaman sa paggamit ng pampasigla (stimulant) kung saan ang mga kwalipikadong benepisyaryo ay lalahok sa binalangkas na 24 na oras na outpatient na serbisyo sa Pangangasiwa sa Contingency, na susundan ng anim o higit pang buwan ng karagdagang paggamot at mga serbisyo sa suporta sa pagpapagaling nang walang mga insentibo.
- Kasama sa unang 12 linggo ng mga serbisyo ng Pangangasiwa sa Contingency ang isang serye ng mga insentibo para matugunan ang mga layunin sa paggamot, partikular na ang hindi paggamit ng mga pampasigla (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine) na mapapatunayan sa pamamagitan ng mga pagsusuri ng droga sa ihi. Ang mga insentibo ay binubuo ng mga katumbas ng pera (hal., mga gift card).
- Ang Mga Serbisyo sa Pangangasiwa ng Contingency ay magagamit lamang sa mga benepisyaryo na tumatanggap ng mga serbisyo sa isang di-residensyal na setting na pinangangasiwaan ng isang kalahok na provider at naka-enroll at kalahok sa isang komprehensibo at indibidwal na kurso ng paggamot.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Pagsusuri, Pagtatasa, Maikling Interbensyon at Referral sa Paggamot

Ang Pagsusuri sa Alak/Alkohol at Droga, Pagtatasa, Maikling Interbensyon at Referral sa Paggamot ay hindi benepisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ito ay isang benepisyo sa Medi-Cal Fee-for-Service at Medi-Cal managed care delivery system para sa mga benepisyaryo na may edad na 11 taong gulang at mas matanda. Ang mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay dapat magkaloob ng mga saklaw na serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substansya, kabilang ang pagsusuri sa paggamit ng alak at droga, pagtatasa, mga maikling interbensyon, at referral sa paggamot (SABIRT) para sa mga benepisyaryo na may edad na 11 taong gulang at mas matanda.

Mga Serbisyo ng Maagap na Interbensyon

Ang mga serbisyo ng maagap na interbensyon ay isang saklaw na serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga benepisyaryo na wala pang edad 21. Sinumang benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang na nasuri at natukoy na nasa panganib na magkaroon ng isang karamdaman sa paggamit ng substansya (droga at alak) ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyong saklaw sa ilalim ng antas ng serbisyo ng outpatient bilang mga serbisyo ng maagap na interbensyon. Hindi kinakailangan ang diagnosis ng karamdaman sa paggamit ng substansya para sa mga serbisyo ng maagap na interbensyon para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang.

Maagap na Pana-panahong Pagsusuri, Diagnosis, at Paggamot

Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay kwalipikadong makakuha ng mga serbisyong mas maagang inilarawan sa handbook na ito pati na rin ang mga karagdagang



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapo/PatientPublic.htm.

serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng isang benepisyong tinatawag na Maagap at Taunang Pagsusuri, Diyagnostiko at Paggamot.

Upang maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng Maagap at Taunang Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot, ang isang benepisyaryo ay dapat na wala pang 21 taong gulang at may buong saklaw na Medi-Cal. Ang Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot ay sumasaklaw sa mga serbisyong medikal na kinakailangan upang maiwasto o matulungan ang pasyente sa mga depekto at mga kondisyong pisikal at kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o ginagawang mas kayang tiisin o batahin ang kondisyon ay itinuturing na makakatulong sa kondisyon at sinasaklaw bilang mga serbisyo ng Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot. Ang pamantayan sa pag-access para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay iba at mas naibabagay kaysa sa pamantayan sa pag-access para sa mga adulto/nasa legal na edad na nagnanais na kumuha ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organised Delivery System, upang matugunan ang mandato ng Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot, ganon din ang intensyon para sa pag-iwas at maagap na interbensyon sa mga kondisyon ng karamdaman sa paggamit ng substansya.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot, mangyaring tawagan ang SASH sa 1-844-804-7500 o bisitahin ang [webpage ng DHCS na Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment](#).

Makukuha ang Mga Serbisyo sa Karamdaman sa Paggamit ng Substansya sa Mga Pinangangasiwaang Plano ng Pangangalaga (Managed Care Plans) o Programa ng “Regular” Medi-Cal “Fee for Service”

Ang mga pinangangasiwaang plano sa pangangalaga ay dapat magbigay ng mga sakop na serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substansya, kabilang ang pagsusuri sa paggamit ng




Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

alak/alkohol at droga, pagtatasa, mga maikling interbensyon, at referral sa paggamot (SABIRT) para sa mga benepisyaryo na may edad na 11 taong gulang at mas matanda, kabilang ang mga buntis na miyembro, sa mga setting ng pangunahing pangangalaga, at ang pagsusuri sa tabako, alak/alkohol, at ipinagbabawal na gamot. Ang mga pinangangasiwaang plano sa pangangalaga ay dapat ding magbigay o magsaayos para sa probisyon ng Mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksiyon (kilala rin bilang Medication-Assisted Treatment) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, ospital ng inpatient, mga departamento ng emergency, at iba pang kinontratang setting na medikal. Ang mga pinangangasiwaang plano sa pangangalaga ay dapat ding magbigay ng mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan upang patatagin ang benepisyaryo, kabilang ang boluntaryong inpatient na pagtatanggal ng nakakasasamang sangkap sa katawan (detoxification).

PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG DRUG MEDI-CAL ORGANIZED DELIVERY SYSTEM

Paano Ako Makakakuha ng mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng substansya, gumamit ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman. Maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagtatanong mismo sa kanila sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County. Maaari mong tawagan ang numero ng telepono na walang bayad sa iyong county na nakalista sa harapan ng handbook na ito. Maaari ka ring pasangguniin sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County para sa mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya sa ibang mga paraan.


 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay inaatasang tumanggap ng mga referral para sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya mula sa mga doktor at iba pang pangunahing tagapagbigay o provider ng pangangalaga na may palagay na maaaring kailanganin mo ang mga serbisyong ito at ng pinangangasiwaang pangangalaga ng plano ng kalusugan ng Medi-Cal, kung ikaw ay isang benepisyaryo nito.

Pangkaraniwan, ang provider o ang pinangangasiwaang pangangalaga ng plano ng kalusugan ng Medi-Cal, ay kakailanganin ang pahintulot mo o ng magulang o tagapag-alaga ng isang anak upang gumawa ng referral, maliban kung may emergency. Ang ibang mga tao at organisasyon ay maaari ding magsagawa ng mga referral sa county, kabilang ang mga paaralan; mga departamento ng kapakanan ng county o mga serbisyong panlipunan; mga conservator, tagapag-alaga o miyembro ng pamilya; at mga ahensyang nagpapatupad ng batas.

Ang mga saklaw na serbisyo ay makukuha sa pamamagitan ng provider network ng Los Angeles County DMC ODS. Kung tutol ang sinumang nakakontratang provider na gumanap o kung hindi man sumusuporta sa anumang saklaw na serbisyo, ang Los Angeles County DMC ODS ay magsasaayos para sa isa pang provider na magsagawa ng serbisyo. Ang Los Angeles County DMC ODS ay tutugon nang may napapanahong mga referral at koordinasyon kung ang isang saklaw na serbisyo ay hindi makukuha mula sa isang tagapagkaloob o provider dahil sa relihiyon, etikal, o moral na pagtutol sa saklaw na serbisyo. Maaaring hindi tanggihan ng iyong county ang isang kahilingan na gumawa ng paunang pagtatasa upang matukoy kung natutugunan mo ang pamantayan para ma-access ang mga serbisyo ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

Alinsunod sa Patakaran sa Transisyon sa Pangangalaga, ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal na lumilipat sa County ng Los Angeles ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga serbisyong medikal na kinakailangan ng DMC-ODS mula sa kanilang kasalukuyang provider kapag natukoy ng isang pagtatasa na, sa kawalan ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, ang benepisyaryo ay

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

makakaranas ng malubhang pinsala sa kanilang kalusugan o nasa panganib na ma-ospital o mapasok sa institusyon. Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang 1 -888-742-7900 at pindutin ang 7 upang makipag-ugnayan sa Miyembro ng Support Team ng Los Angeles County Drug Medi-Cal System.

Saan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo ng Organised Delivery System ng Medi-Cal?

Ang Los Angeles County ay kalahok sa programa ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Dahil ikaw ay residente ng Los Angeles County, maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa county kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang County ng Inyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay mayroong mga provider para sa paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya na magagamit upang gamutin ang mga kondisyon na saklaw ng plano. Ang ibang mga county na hindi nakikilahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay maaaring magbigay ng mga sumusunod na serbisyo ng Drug Medi-Cal:

- Outpatient na Paggamot
- Paggamot na Narkotiko
- Paggamot sa pamamagitan ng Naltrexone
- Intensibong Outpatient na Paggamot
- Residensyal na Serbisyo sa mga Buntis o Bagong Nanganak na Nanay (Perinatal) na may Pag-abuso sa Substansya (hindi kabilang ang silid at pagkain)

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, kwalipikado ka rin para sa mga serbisyo ng Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot sa alinmang ibang county sa buong estado.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Pangangalaga Pagkatapos ng Karaniwang Oras ng Trabaho

Kung kailangan mo ng mga serbisyo pagkatapos ng mga karaniwang oras ng trabaho o sa katapusan ng linggo, maaari kang tumawag sa Substance Abuse Service Helpline (SASH) sa 1-844-804-7500. Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga serbisyo sa paggamot, maaari kang makipag-usap sa iyong provider ng paggamot upang matuto nang higit pa tungkol sa kanilang mga serbisyo pagkatapos ng mga karaniwang oras ng trabaho. Ang lahat ng provider ng paggamot sa outpatient at intensive outpatient ay inaatasang maging bukas nang hindi bababa sa dalawang gabi bawat linggo at isang araw ng katapusan ng linggo upang magkaroon ng mas pinalawak na oras kung saan maaari kang makatanggap ng pangangalaga. Para sa mga emergency, pakitawagan ang 911.

Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ko ng Tulong?

Maraming tao ang may mahihirap na panahon sa buhay at maaaring makaranas ng mga problema sa karamdaman sa paggamit ng substansya. Ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan ay may magagamit na tulong. Kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal, at sa palagay mo ay maaaring kailangan mo ng propesyonal na tulong, dapat kang humiling ng pagtatasa mula sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County upang matiyak dahil kasalukuyan kang naninirahan sa isang kalahok na County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County.

Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Isang Bata o Teenager ng Tulong?

Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong kalahok na Drug Medi-Cal Organized Delivery System County para sa isang pagtatasa para sa bata o teenager mong anak kung sa palagay mo ay nagpapakita siya ng alinman sa mga palatandaan ng karamdaman sa paggamit ng substansya.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Kung ang iyong bata o teenager na anak ay kuwalipikado para sa Medi-Cal at ang pagtatasa ng county ay nagsasaad na ang mga serbisyo sa paggamot sa droga at alak na saklaw ng kalahok na county ay kailangan, aayusin ng county na matanggap ng iyong bata o teenager na anak ang mga serbisyo.

Kailan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County?

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay kailangang makatugon sa mga pamantayan ng oras ng appointment ng estado kapag nag-iiskedyul ng appointment para makatanggap ka ng mga serbisyo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay dapat mag-alok sa iyo ng appointment na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan sa oras ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw na may trabaho mula sa iyong hindi agarang kahilingan upang magsimula ng mga serbisyo sa isang provider ng karamdaman sa paggamit ng substansya para sa outpatient at intensive outpatient na serbisyo.
- Sa loob ng 3 araw na may trabaho mula sa iyong paghiling sa mga serbisyo ng Programa sa Paggamot na Narcotiko.
- Isang follow-up na appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa isang tuloy-tuloy na paggamot para sa isang kasalukuyang karamdaman sa paggamit ng substansya, maliban sa ilang partikular na kaso na tinukoy ng iyong provider na nanggagamot.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Sino Ang Magpapasya Kung Alin Sa Mga Serbisyo Ang Aking Kukunin?

Ikaw, ang iyong provider, at ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay kasangkot lahat sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County. Ang isang provider ng karamdaman sa paggamit ng substansya ay makikipag-usap sa iyo, at sa pamamagitan ng kanilang pagtatasa ay tutulong silang matukoy kung aling mga serbisyo ang naaangkop batay sa iyong mga pangangailangan.

Susuriin ng provider ng karamdaman sa paggamit ng substansya kung mayroon kang karamdaman sa paggamit ng substansya, ganon din ang pinakaangkop na mga serbisyo para sa iyong mga pangangailangan. Matatanggap mo ang mga serbisyong kailangan mo habang isinasagawa ng iyong provider ang pagtatasang ito.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay dapat magkaloob ng mga serbisyong medikal na kinakailangan na makakatulong upang itama o mapabuti ang iyong kalagayan sa pangkaisipang kalusugan. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o ginagawang mas kayang tiisin o batahin ang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.


PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYO SA PANGKAISIPANG KALUSUGAN

Saan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Pangkaisipang Kalusugan?

Maaari kang makakuha ng mga espesyal na serbisyo sa mental o pangkaisipang kalusugan sa county kung saan ka nakatira. Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, makipag-ugnayan sa 24/7 Access line ng Department of Mental Health ng County ng Los Angeles sa 1-800-854-7771. Ang bawat county ay may espesyal na serbisyo sa mental o pangkaisipang kalusugan para sa mga bata, teenager, adulto, at matatanda.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, ikaw ay kwalipikado para sa Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot, na maaaring may kasamang karagdagang saklaw at mga benepisyo.

Tutukuyin ng iyong plano sa pangkaisipang kalusugan kung natutugunan mo ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Kung gagawin mo ito, pasasangguniin ka ng plano sa pangkaisipang kalusugan sa isang provider para sa kalusugan ng isip na magtatasa sa iyo para matukoy kung anong mga serbisyo ang kailangan mo. Maaari ka ring humiling ng pagtatasa mula sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga kung ikaw ay isang benepisyaryo. Kung matukoy ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga na natutugunan mo ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga espesyal na serbisyo sa pangkaisipang kalusugan, tutulungan ka ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga na lumipat upang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng plano sa pangkaisipang kalusugan. May polisiya ng magkakaugnay o organisadong sistema (no wrong door) sa pag-access ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

BATAYAN NG PAG-ACCESS AT MEDIKAL NA KINAKAILANGAN

Ano-ano Ang Mga Pamantayan sa Pag-access Para sa Saklaw ng Mga Serbisyo sa Paggamot sa Karamdaman sa Paggamit ng Substansya?

Bilang bahagi ng pagpapasya kung kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya, makikipagtulungan ang County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa iyo at sa iyong provider upang magpasya kung natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access upang makatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ipinapaliwanag ng seksyong ito kung paano gagawin ng iyong kalahok na county ang pagpapasya o desisyong iyon.

Makikipagtulungan sa iyo ang iyong provider upang magsagawa ng pagtatasa upang matukoy kung aling mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang pinakaangkop para sa iyo. Ang pagtatasang ito ay dapat isagawa nang harapan, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Maaari kang makatanggap ng ilang serbisyo habang nagaganap ang pagtatasa. Pagkatapos makumpleto ng iyong provider ang pagtatasa, tutukuyin nila kung natutugunan mo ang sumusunod na pamantayan sa pag-access upang makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System:

- Dapat kang naka-enroll sa Medi-Cal.
- Dapat kang manirahan sa isang county na kalahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Dapat ay mayroon kang kahit isang diagnosis mula sa Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders for a Substance-Related and Addictive Disorder (maliban sa Mga Karamdaman na Nauugnay sa Tabako at Di-Substansya) o nagkaroon ka ng kahit isang diagnosis mula sa Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders for a Substance-



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Related and Addictive Disorder bago makulong o sa panahon ng pagkakakulong (maliban sa Mga Karamdamang Nauugnay sa Tabako at Di-Substansya).

Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay kuwalipikadong tumanggap ng lahat ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System kapag natutugunan ang pamantayan sa pangangailangang medikal ng Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirhan at anuman ang kinakailangan sa diagnosis na inilarawan sa itaas.

Ano Ang Medikal na Pangangailangan?

Ang mga serbisyong natatanggap mo ay dapat medikal na pangangailangan at naaangkop upang matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal na 21 taong gulang at mas matanda, ang isang serbisyo ay medikal na pangangailangan kapag ito ay makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o upang maibsan ang matinding kirot. Para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang, medikal na pangangailangan ang isang serbisyo kung itatama o tinutulungan ng serbisyo ang maling paggamit ng substansya, o karamdaman sa paggamit ng substansya. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o ginagawang mas kayang tiisin o batahin ang maling paggamit ng substansya o ng isang karamdaman sa paggamit ng substansya, ay itinuturing na makakatulong sa kondisyon at sa gayon ay saklaw bilang mga serbisyo ng Maagap at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap ng Provider Para sa Mga Serbisyo sa Paggamot sa Karamdaman sa Paggamit ng Substansya na Kailangan Ko?

Maaaring maglagay ng ilang limitasyon ang County sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa iyong pagpili ng mga provider. Maaari kang humiling na ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng iyong County ay magbigay sa iyo ng isang paunang pagpili ng mga provider. Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay dapat ding magpahintulot sa iyo na magpalit ng mga provider. Kung hihilingin mong palitan ang mga provider, dapat kang pahintulutan ng county na pumili sa pagitan ng hindi bababa sa dalawang provider hangga't maaari.

Inaatasan ang iyong county na mag-post online ng kasalukuyang direktoryo ng provider. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kasalukuyang mga provider o gusto mo ng isinapanahong direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng iyong county na tinatawag na Service and Bed Availability Tool (SBAT) sa <http://sapccis.ph.lacounty.gov/sbat/> o tumawag sa walang bayad na numero ng telepono na 1-844-804-7500 ng Substance Abuse ng county Serbisyo Helpline (SASH). Ang kasalukuyang direktoryo ng provider ay magagamit sa elektronikong paraan sa website ng county, o sa papel na form kapag hiniling.

Minsan ay pinipili ng mga provider ng kontrata ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County na hindi na magbigay ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System bilang provider ng county, hindi na nakikipagkontrata sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County, o hindi na tumatanggap ng mga pasyente sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa kanilang sarili o sa kahilingan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County. Kapag nangyayari ito, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay dapat gumawa ng matapat at taos-pusong pagsisikap na magbigay ng nakasulat na paunawa ng



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.


pagwawakas ng isang kinontratang provider ng county sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap o maibigay ang paunawa sa pagwawakas, sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman ng paggamit sa substansiya mula sa provider.

Ang mga indibidwal na Indiano Amerikano at Katutubong Taga-Alaska na kwalipikado para sa Medi-Cal at naninirahan sa mga county na piniling lumahok sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County, ay maaari ding tumanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County sa pamamagitan ng Indian Health Care Provider na mayroong kinakailangang sertipikasyon ng Drug Medi-Cal.

Kapag Nakahanap Na Ako ng Provider, Masasabi ba ng County ng Organized Delivery System ng Drug Medi-Cal Sa Provider Kung Anong Mga Serbisyo ang Makukuha Ko?

Ikaw, ang iyong provider, at ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay kasangkot lahat sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng county sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Kung minsan ay ipapaubaya ng county ang desisyon sa iyo at sa provider. Sa ibang pagkakataon, maaaring atasan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ang iyong provider na ipakita ang mga dahilan kung bakit ipinapalagay ng provider na kailangan mo ng serbisyo bago ibigay ang serbisyo. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay dapat gumamit ng isang kwalipikadong propesyonal upang gawin ang pagrerepaso.

Ang proseso ng pagrerepasing ito ay tinatawag na proseso ng awtorisasyon sa plano. Ang paunang awtorisasyon para sa mga serbisyo ay hindi kinakailangan maliban sa mga serbisyong pangresidensyal at inpatient (hindi kasama ang mga serbisyo sa pamamahala ng pagwawakas sa paggamit o withdrawal). Ang proseso ng awtorisasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay dapat sumunod sa mga partikular na timeline.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Para sa karaniwang awtorisasyon, ang plano ay dapat gumawa ng desisyon sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo.

Kung ikaw o ang iyong provider ay humiling, o kung ipinapalagay ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na ito ay para sa iyong interes na makakuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong provider, ang timeline ay maaaring pahabain nang hanggang 14 na araw sa kalendaryo. Isang halimbawa kung kailan posibleng para sa iyong interes ang pagpapahaba ng timeline ay kapag ipinapalagay ng county na maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong provider para sa awtorisasyon kung ang County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay may karagdagang impormasyon mula sa iyong provider at tatanggihan ang kahilingan kung wala ang impormasyon. Kung ang timeline ay pahahabain ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, padadalhan ka ng county ng nakasulat na paunawa tungkol sa naturang ekstensiyon.

Kung ang county ay hindi gumawa ng desisyon sa loob ng timeline na kinakailangan para sa isang pamantayan o isang pinabilis na kahilingan sa awtorisasyon, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay dapat magpadala sa iyo ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination o NOABD) na nagsasabi sa iyo na ang mga serbisyo ay tinanggihan at ikaw ay maaaring maghain ng apela o humingi ng Pagdinig ng Estado.

Maaari mong tanungin ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso nito ng awtorisasyon.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County sa isang proseso ng awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela sa county o humingi ng Pagdinig ng Estado. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyon ng Paglutas ng Problema.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.


Aling mga Provider ang Ginagamit ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng Aking County?

Kung bago ka sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County, ang kumpletong listahan ng mga provider sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay maaaring matagpuan sa Service and Bed Availability Tool (SBAT) sa <http://sapccis.ph.lacounty.gov/sbat/> o kaya naman ay ang Recoverla.org na may mobile application at naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga provider, ang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya na ibinibigay nila, at iba pang impormasyon upang matulungan kang ma-access ang pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at wika na makukuha mula sa mga provider. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga provider, tawagan ang walang bayad na numero ng telepono ng iyong county na matatagpuan sa harap na seksyon ng handbook na ito.

PAUNAWA NG PAGPAPASYA NA SALUNGAT SA BENEPISYO

Ano-anong mga Karapatan ang Mayroon Ako kung Tinatanggihan ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang mga Serbisyo na Gusto Ko o Ipinapalagay na Kailangan Ko?

Kung ang County ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay tinatanggihan, nililimitahan, binabawasan, inaantala o tinatapos ang mga serbisyong gusto mo o pinaniniwalaan mong dapat mong makuha, mayroon kang karapatan sa isang Paunawa (tinatawag na “Notice of Adverse Benefit Determination” o Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo) mula sa County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. May karapatan ka ring hindi sumang-ayon

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

sa desisyon sa pamamagitan ng paghingi ng apela. Tinatalakay ng mga seksyon sa ibaba ang iyong karapatan sa isang Paunawa at kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng iyong County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

Ano ang Pasalungat na Pagpapasya sa Benepisyo?

Ang isang Pasalungat na Pagpapasiya sa Benepisyo ay nangangahulugang alinman sa mga sumusunod na aksyong ginawa ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System:

1. Ang pagtanggap o limitadong awtorisasyon ng isang hiniling na serbisyo, kabilang ang mga pagpapasiya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng isang saklaw na benepisyo;
2. Ang pagbabawas, pagsususpende, o pagwawakas ng isang dating awtorisadong serbisyo;
3. Ang pagtanggap, sa kabuuan o sa bahagi, ng pagbabayad para sa isang serbisyo;
4. Ang pagkabigong magbigay ng mga serbisyo sa isang napapanahong paraan;
5. Ang pagkabigong kumilos sa loob ng kinakailangang mga takdang panahon para sa karaniwang paglutas ng mga hinaing at apela (Kung maghain ka ng karaingan sa County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System at ang County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay hindi sumagot sa iyo nang may nakasulat na desisyon tungkol sa iyong hinaing sa loob ng 90 araw. Kung maghain ka ng apela sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County at ang County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay hindi sumagot sa iyo nang may nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.); o



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapo/PatientPublic.htm.

6. Ang pagtanggì sa kahilingan ng isang benepisyaryo na pagtalunan ang pinansiyal na pananagutan.

Ano ang Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo?

Ang Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo ay isang sulat na ipapadala sa iyo ng iyong County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System kung gagawa ito ng desisyon na tanggihan, limitahan, bawasan, antalain, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong makuha. Kabilang dito ang isang pagtanggì sa pagbabayad para sa isang serbisyo, pagtanggì batay sa pag-aangkin na ang mga serbisyo ay hindi saklaw, o pagtanggì na ang serbisyo ay para sa maling sistema ng paghahatid, o pagtanggì sa isang kahilingan na pagtalunan ang pinansiyal na pananagutan. Ginagamit din ang Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo para sabihin sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa oras, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa pagbibigay ng mga serbisyo. May karapatan kang makatanggap ng nakasulat na Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo.

Tiyempo ng Paunawa

Dapat ipadala ng Plano ang paunawa sa benepisyaryo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng pagkilos para sa pagwawakas, pagsususpende, o pagbabawas ng isang dating awtorisadong serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County. Dapat ding ipadala sa koreo ng plano ang paunawa sa benepisyaryo sa loob ng dalawang araw na may trabaho pagkatapos ng desisyon para sa pagtanggì sa pagbabayad o para sa mga desisyon na nagreresulta sa pagtanggì, pagkaantala, o pagbabago ng lahat o bahagi ng hiniling na mga



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Kung nakatanggap ka ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyong pagkatapos mong matanggap ang serbisyo, hindi mo na kailangang magbayad para sa naturang serbisyo.

Lagi Ba Akong Makakuha ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyong Kapag Hindi Ko Nakakuha Ang Mga Serbisyonang Gusto Ko?

Oo, dapat kang makatanggap ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyong. Gayunpaman, kung hindi ka tumanggap ng isang paunawa, maaari kang maghain ng apela sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipahayag mo na nakaranas ka ng pasalungat na pagpapasya sa benepisyong ngunit hindi nakatanggap ng paunawa. Ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng Pagdinig ng Estado ay kasama sa handbook na ito. Dapat ding available ang impormasyon sa opisina ng iyong provider.

Ano ang Sasabihin sa Akin ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyong?

Sasabihin sa iyo ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyong ang:

- Ano ang ginawa ng iyong County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa ng bisa ng desisyon at ang dahilan kung bakit ginawa ng plano ang desisyon nito.
- Ang estado o pederal na mga tuntunin na sinusunod ng County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System noong gumawa ito ng desisyon.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Ano ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa ginawa ng plano.
- Paano maghain ng apela sa plano.
- Paano humiling ng Pagdinig ng Estado.
- Paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Pagdinig ng Estado.
- Paano makakuha ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Pagdinig ng Estado.
- Gaano katagal kailangan mong maghain ng apela o humiling ng Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong mga karapatan na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka para sa desisyon ng Apela o Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung ang mga gastos ng mga serbisyong ito ay sasaklawin ng Medi-Cal.
- Kailan ka dapat maghain ng iyong kahilingan sa Apela o Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo?

Kapag nakakuha ka ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo, dapat mong basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa paunawa. Kung hindi mo naiintindihan ang paunawa, matutulungan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County. Maaari ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na hindi na ipinagpatuloy nang magsumite ka ng apela o kahilingan para sa isang Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw ng kalendaryo pagkatapos tatakan ng koreo ang



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo o ng personal na pagbibigay sa iyo, o bago ang petsa ng bisa ng pagbabago.

MGA PROSESO NG RESOLUSYON SA PROBLEMA

Paano Kung Hindi Ako Nakakauha ng mga Serbisyo na Gusto Ko Mula sa Plano ng Sistema ng Drug Medi-Cal Organized Delivery ng Aking County?

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng iyong County ay may paraan para sa iyo na lutasin ang isang problema tungkol sa anumang isyu na may kaugnayan sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya na iyong natatanggap. Ito ay tinatawag na proseso ng resolusyon ng problema at maaaring kasangkot ang mga sumusunod na proseso.

1. **Ang Proseso ng Pagreklamo** – ay isang pagpapahayag ng kalungkutan tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya, maliban sa isang Pasalungat na Pagpapasya sa Benepisyo.
2. **Ang Proseso ng Apela** – pagrepaso sa isang desisyon (pagtanggap, pagwawakas, o pagbabawas ng mga serbisyo) na ginawa tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County o ng iyong provider.
3. **Ang Proseso ng Pagdingig ng Estado** – pagrepaso upang matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya na kung saan ay karapat-dapat ka sa ilalim ng programang Medi-Cal.




Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Ang paghahain ng karaingan o apela, o paghiling ng Pagdinig ng Estado ay hindi maibibilang laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyong iyong natatanggap. Kapag ang iyong hinaing o apela ay kumpleto na, aabisuhan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County at ang iba pang kasangkot tungkol sa huling resulta. Kapag ang Pagdinig sa iyo ng Estado ay kumpleto na, aabisuhan ka at ang iyong provider ng Opisina ng Pagdinig ng Estado tungkol sa huling resulta.

Matuto nang higit pa tungkol sa bawat proseso ng resolusyon ng problema sa ibaba.

Maaari Ba Akong Makakuha Ng Tulong Upang Maghain ng Apela, Karaingan O Pagdinig ng Estado?

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay maglalaan ng mga taong available upang ipaliwanag ang mga prosesong ito sa iyo at tutulungan kang mag-ulat ng problema sa alinman bilang isang karaingan, apela, o kahilingan para sa Pagdinig ng Estado. Maaari ka rin nilang tulungan na magpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na 'pinabilis' na proseso, na nangangahulugang mas mabilis itong rerepasuhin dahil nasa panganib ang iyong kalusugan o katatagan. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, kasama ang iyong provider o tagapagtaguyod ng paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya. Ang Iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay dapat magbigay sa iyo ng anumang makatwirang tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang mga hakbang ng pamamaraan na nauugnay sa karaingan o apela. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at mga numero na libreng tawagan sa TTY/TDD at kakayahan ng interpreter.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Paano Kung Kailangan Ko Ng Tulong Upang Malutas Ang Problema Sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System Ng County Plan Ko Ngunit Ayaw Kong Maghain ng Karaingan O Apela?

Makakakuha ka ng tulong mula sa Estado kung nagkakaproblema ka sa paghahanap ng mga tamang tao sa county upang tulungan kang mahanap ang iyong paraan sa pamamagitan ng sistema.

Maaari mong kontakin ang Department of Health Care Services, Opisina ng Ombudsman, Lunes hanggang Biyernes, 8 n.u. hanggang 5 n.h. (hindi kabilang ang mga holiday), sa pamamagitan ng telepono sa **888-452-8609** o sa pamamagitan ng email sa

MMCDombudsmanOffice@dhcs.ca.gov.

Pakitandaan: Ang mga e-mail na mensahe ay hindi itinuturing na kumpidensiyal. Hindi mo dapat na isama ang personal na impormasyon sa e-mail na mensahe.

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang mga grupo. Maaari kang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o libreng legal na tulong mula sa Public Inquiry and Response Unit:

Tumawag nang Libre (Toll-Free): 1-800-952-5253

Kung ikaw ay hindi nakakarinig at gumagamit ng TDD, tumawag sa: **1-800-952-8349**



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

ANG PROSESO NG KARAINGAN

Ano Ang Karaingan?

Ang karaingan ay isang pagpapahayag ng kalungkutan tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya na hindi isa sa mga problemang saklaw ng proseso ng apela at Pagdinig ng Estado.

Ang proseso ng karaingan ay:

- Kinasasangkutan ng simple at madaling maunawaan na mga pamamaraan na nagbibigay-daan sa iyo na iharap ang iyong karaingan nang pasalita o pasulat.
- Hindi ibinibilang na laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Nagbibigay-daan sa iyo na magbigay ng awtorisasyon sa ibang tao na umaksyon sa ngalan mo, kabilang ang provider o tagapagtaguyod. Kapag binigyan mo na awtorisasyon ang ibang tao na umaksyon sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County na pirmahan ang form na nagpapahintulot sa planong ilabas ang impormasyon sa taong iyon.
- Tumitiyak na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at hindi kasali sa anumang mga nakaraang antas ng pagrerepaso o paggawa ng desisyon.
- Tinutukoy ang mga tungkulin at responsibilidad mo, ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County at ng iyong provider.
- Nagbibigay ng resolusyon para sa karaingan sa mga kinakailangang takdang panahon.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Kailan Ako Maaaring Maghain Ng Karaingan?

Maaari kang maghain ng karaingan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyo ng paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya na iyong natatanggap mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County o may iba pang alalahanin tungkol sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County.

Paano Ako Maaaring Maghain Ng Karaingan?

Maaari kang tumawag sa walang bayad na numero ng telepono ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng iyong County upang makakuha ng tulong sa isang karaingan. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay magbibigay ng mga sobre na may sariling address sa lahat ng mga site ng provider para ipadala sa koreo ang karaingan mo. Ang mga karaingan ay maaaring ihain sa pamamagitan ng salita o ng sulat. Ang mga pasalitang karaingan ay hindi kailangang i-follow up nang nakasulat.

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap Ng County Plan Ang Aking Karaingan?

Ipapaalam sa iyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County na natanggap na nito ang iyong karaingan sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kumpirmasyon.

Kailan Pagpapasyahan Ang Aking Karaingan?

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay dapat gumawa ng desisyon tungkol sa karaingan sa loob ng 90 araw sa kalendaryo mula sa petsa nang maghain ka ng iyong karaingan.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Ang mga timeframe ay maaaring pahabain nang hanggang 14 na araw sa kalendaryo kung humiling ka ng ekstensyon, o kung naniniwala ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong kapakinabangan. Ang isang halimbawa ng kung kailan maaaring para sa iyong kapakinabangan ang pagkaantala ay kapag ang county ay naniniwala na ito ay maaaring lumutas sa iyong karaingan kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay nagkaroon pa ng kaunting oras upang makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa ibang mga taong kasangkot.

Paano Ko Malalaman Kung Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay Nagdesisyon na Tungkol sa Aking Karaingan?

Kapag ang isang desisyon ay ginawa tungkol sa iyong karaingan, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay magbibigay ng paunawa sa iyo o sa iyong kinatawan tungkol sa desisyon nang nakasulat. Kapag ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County nabigong ipaalam sa iyo o sa alinmang apektadong partido ang desisyon sa karaingan sa tamang oras, ay bibigyan ka ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ng isang Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo na nagpapayo sa iyo ng iyong karapatang humiling ng Pagdingig ng Estado. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay inaatasang bigyan ka ng Paunawa ng Pagpapa

Mayroon Bang Deadline sa Paghahain ng Karaingan?

Maaari kang maghain ng karaingan kahit anong oras.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

ANG PROSESO NG APELA (KARANIWAN AT PINABILIS)

Ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay may responsibilidad sa pagpapahintulot sa iyo na hamunin ang desisyong ginawa na hindi mo sinasang-ayunan tungkol sa iyong mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya sa pamamagitan ng plano o ng iyong mga provider. Mayroong dalawang paraan na maaari kang humiling ng pagrepasso. Ang isang paraan ay ang paggamit ng karaniwang proseso ng mga apela. Ang pangalawang paraan ay sa pamamagitan ng paggamit ng pinabilis na proseso ng mga apela. Ang dalawang uri ng apela na ito ay magkatulad; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan upang maging kwalipikado para sa isang pinabilis na apela. Ang mga partikular na kinakailangan ay ipinapaliwanag sa ibaba.

Ano Ang Karaniwang Apela?

Ang karaniwang apela ay isang kahilingan para sa pagrerepasso ng isang problema na mayroon ka sa plano o sa iyong provider na may kinalaman sa pagtangi o mga pagbabago sa mga serbisyong sa palagay mo ay kailangan mo. Kapag humiling ka ng karaniwang apela, maaaring abutin ng 30 araw sa kalendaryo para repasuhin ito ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County. Kung sa palagay mo ay malalagay sa panganib ang iyong kalusugan sa paghihintay ng 30 araw sa kalendaryo, dapat kang humingi ng isang 'pinabilis na apela.'

Ang karaniwang proseso ng mga apela ay:

- Pinapayagan kang maghain ng apela nang personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng pagsulat.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Tinitiyak na hindi mabibilang ang paghahain ng apela laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pinapayagan kang pahintulutan ang ibang tao na umaksyon sa ngalan mo, kabilang ang isang provider. Kung pinahihintulutan o binibigyan mo ng awtorisasyon ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng plano na lagdaan ang isang form na nagpapahintulot sa plano na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyong kapag humihiling para sa isang apela sa loob ng kinakailangang timeframe o takdang panahon, na 10 araw sa kalendaryo mula sa petsa nang ang iyong Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyong ay tatakan ng koreo o personal na ibinigay sa iyo. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela. Kung hihilingin mo ang pagpapatuloy ng benepisyong, at kinukumpirma ng huling desisyon ng apela ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyonang natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyonang ibinigay habang nakabinbin ang apela.
- Tinitiyak na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at hindi kasama sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Pinapayagan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang file ng iyong kaso, kabilang ang iyong medikal na rekord, at anumang iba pang mga dokumento o talaan na isinasaalang-alang sa panahon ng proseso ng apela at bago at sa panahon ng proseso ng apela.
- Pinapayagan kang magkaroon ng makatwirang oportunidad upang magpakita ng ebidensya at alegasyon ng katotohanan o batas nang personal o sa pamamagitan ng pagsulat.
- Pinapayagan ka o ang iyong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng estado para sa namatay na benepisyaryo na makasama bilang mga partido sa apela.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Ipinapaalam sa iyo na ang iyong apela ay nirerepaso sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Ipinapaalam sa iyo ang iyong karapatang humiling ng Pagdinig ng Estado, kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apela.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Apela?

Maaari kang maghain ng apela sa iyong county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County:

- Kung ang iyong county o isa sa mga nakakontratang provider ng county ay nagpasya na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga serbisyo ng Medi-Cal sa paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya dahil hindi mo natutugunan ang pamantayan ng medikal na pangangailangan.
- Kung sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng isang serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya at humihingi ng pag-apruba sa county, ngunit hindi sumasang-ayon ang county at tinatanggihan ang kahilingan ng iyong provider o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung ang iyong provider ay humiling sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County para sa pag-apruba, ngunit ang county ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon upang makagawa ng desisyon at hindi makukumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang panahon.
- Kung ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa iyo batay sa mga timeline na itinakda ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Kung hindi mo ipinapalagay na ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay nagbibigay ng mga serbisyo sa lalong madaling panahon upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong hinaing, apela o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras.
- Kung ikaw at ang iyong provider ay hindi magkasundo sa mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substansya na kailangan mo.

Paano Ako Maghahain ng Apela?

Maaari mong tawagan ang numero ng telepono na walang bayad ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County upang makakuha ng tulong sa paghahain ng apela. Magbibigay ang county ng mga sobre na may sariling address sa lahat ng mga site ng provider para ipadala mo ang iyong apela sa koreo. Ang mga apela ay maaaring ihain nang pasalita o nakasulat.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ang Aking Apela?

Aabisuhan ka o ang iyong kinatawan ng plan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County tungkol sa kanilang desisyon para sa iyong apela sa pamamagitan ng pagsulat. Ang abiso o paunawa ay magkakaroon ng sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng resolusyon ng apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon ng apela.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Kung ang apela ay hindi ganap na naresolba nang pabor sa iyo, ang paunawa ay maglalaman din ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Pagdinig ng Estado at ang pamamaraan para sa paghahain ng isang Pagdinig ng Estado.

Mayroon bang Deadline Upang Maghain ng Apela?

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa sa Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo. Tandaan na hindi ka palaging makakatanggap ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo. Walang mga deadline para sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo; kaya maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

Kailan Gagawin ang Isang Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay dapat magpasya sa iyong apela sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula nang matanggap ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang iyong kahilingan para sa apela. Ang mga timeframe ay maaaring pahabain nang hanggang 14 na araw sa kalendaryo kung humiling ka ng ekstensyon, o kung naniniwala ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong kapakinabangan. Ang isang halimbawa kung kailan ang pagkaantala ay para sa iyong kapakinabangan ay kapag ang county ay naniniwala na maaari nitong aprubahan ang iyong apela kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay nagkaroon ng kakaunting oras upang makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iyong provider.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Paano Kung Hindi Ako Makakahintay ng 30 Araw Para sa Desisyon ng Aking Apela?

Maaaring mas mabilis ang proseso ng apela kung kwalipikado ito para sa pinabilis na proseso ng mga apela.

Ano ang Isang Pinabilis na Apela?

Ang pinabilis na apela ay isang mas mabilis na paraan upang magpasya ng isang apela. Ang pinabilis na proseso ng mga apela ay sumusunod sa katulad na proseso ng karaniwang proseso ng mga apela. Gayunpaman,

- Dapat matugunan ng iyong apela ang ilang partikular na kinakailangan.
- Ang pinabilis na proseso ng mga apela ay sumusunod din sa iba't ibang mga deadline kumpara sa mga karaniwang apela.
- Maaari kang gumawa ng pasalitang kahilingan para sa isang pinabilis na apela. Hindi mo kailangang isulat ang iyong kahilingan sa pinabilis na apela.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Kahilingan sa Pinabilis na Apela?

Kung ipinapalagay mo na ang paghihintay nang hanggang 30 araw sa kalendaryo para sa isang karaniwang desisyon sa apela ay maglalagay sa alanganin ng iyong buhay, kalusugan o kakayahang maabot, mapanatili o mabawi ang pinakamataas na paggana, maaari kang humiling ng pinabilis na resolusyon ng apela. Kung sumang-ayon ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County na ang iyong apela ay nakakatugon sa mga kinakailangan o iniaatas para sa isang pinabilis na apela, lulutasin ng iyong county ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang iyong apela ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Ang mga timeframe ay maaaring pahabain nang hanggang 14 na araw sa kalendaryo kung humiling ka ng ekstensyon, o kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay nagpapakita na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong interes. Kung ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay magpapalawig ng timeframe o takdang-panahon, ang plano ay magbibigay sa iyo ng nakasulat na paliwanag kung bakit ang mga timeframe ay pinalawig.

Kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay nagpasya na ang iyong apela ay hindi kwalipikado para sa isang pinabilis na apela, ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na mabigyan ka ng agarang pasalitang paunawa at abisuhan ka nang pasulat sa loob ng 2 araw sa kalendaryo na nagbibigay sa iyo ng dahilan para sa desisyon. Susundan ng iyong apela ang mga karaniwang timeframe ng apela na una nang binalangkas sa seksyong ito. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na ang iyong apela ay hindi nakakatugon sa pinabilis na pamantayan ng apela, maaari kang maghain ng karaingan.

Sa sandaling maresolba ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang iyong pinabilis na apela, ang plano ay magbibigay ng paunawa sa iyo at sa lahat ng apektadong partido nang pasalita o pasulat.

ANG PROSESO NG PAGDINIG NG ESTADO

Ano Ang Pagdinig ng Estado?

Ang Pagdinig ng Estado ay isang independyenteng pagrepaso na isinasagawa ng California Department of Social Services upang tiyaking natatanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya kung saan ikaw ay may karapatan sa ilalim ng



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

programang Medi-Cal. Maaari mo ring bisitahin ang California Department of Social Services sa <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa karagdagang mga mapagkukunan.

Ano-ano Ang Aking Mga Karapatan Sa Pagdinig ng Estado?

May karapatan kang:

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng California Department of Social Services (na tinatawag din na Pagdinig ng Estado o State Hearing).
- Sabihan tungkol sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado.
- Sabihan tungkol sa mga tuntunin na namamahala sa representasyon sa Pagdinig ng Estado.
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo sa iyong kahilingan sa panahon ng proseso ng Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng Pagdinig ng Estado sa loob ng mga kinakailangang timeframe o takdang panahon.

Kailan Ako Puwedeng Maghain Para sa Pagdinig ng Estado?

Maaari kang maghain para sa isang Pagdinig ng Estado:

- Kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County.
- Kung ang iyong county o isa sa mga nakakontratang provider ng county ay nagpasya na hindi ka kwalipikadong tumanggap ng anumang mga serbisyo ng Medi-Cal sa paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya dahil hindi mo natutugunan ang pamantayan ng medikal na pangangailangan.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Kung sa palagay ng iyong provider ay kailangan mo ng serbisyo sa paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya at humihingi ng pag-apruba sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County, ngunit ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay hindi sumasang-ayon at tinatanggi ang kahilingan ng iyong provider o binago ang uri o dalas ng serbisyo.

- Kung ang iyong provider ay humiling sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County para sa pag-apruba, ngunit ang county ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon upang makagawa ng desisyon at hindi makukumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang panahon.
- Kung ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa iyo batay sa mga timeline na itinakda ng county.
- Kung hindi mo ipinapalagay na ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay nagbibigay ng mga serbisyo sa lalong madaling panahon upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong hinaing, apela o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras.
- Kung ikaw at ang iyong provider ng serbisyo ay hindi magkasundo sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya na kailangan mo.
- Kung ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi naresolba sa tamang panahon.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Paano Ako Hihiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?

Maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado:

- Online sa: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Sa Pamamagitan ng Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa welfare department ng county sa address na ipinapakita sa Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo, o sa pamamagitan ng fax o koreo sa:

California Department of Social Services State Hearings Division

P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37

Sacramento, CA 94244-2430

O sa pamamagitan ng Fax sa **916-651-5210** o sa **916-651-2789**.

Maaari ka ring humiling ng Pagdinig ng Estado o pinabilis na Pagdinig ng Estado:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tawagan ang State Hearings Division na walang bayad sa **800-743-8525** o sa **855-795-0634**, o tumawag sa linya ng Public Inquiry and Response na walang bayad sa **800-952-5253** o sa TDD sa **800-952-8349**.

Mayroon bang Deadline sa Paghahain Para sa Pagdinig ng Estado?

Mayroon ka lamang 120 araw sa kalendaryo para humiling ng Pagdinig ng Estado. Ang 120 araw ay magsisimula alinman sa araw pagkatapos personal na maibigay sa iyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ang paunawa nito sa desisyon ng apela o sa araw pagkatapos ng petsa ng tatak ng koreo sa paunawa sa desisyon ng county sa apela.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Kung hindi ka nakatanggap ng Paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo, maaari kang maghain para sa Patas na Pagdinig ng Estado anumang oras.


Maaari Ba Akong Magpatuloy Ng Mga Serbisyo Habang Hinihintay Ko Ang Desisyon Ng Patas Na Pagdinig Ng Estado?

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng paggamot at gusto mong ipagpatuloy ang paggamot sa iyo habang nag-aapela ka, dapat kang humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng tatak ng koreo sa paunawa ng desisyon sa apela o nang ihatid sa iyo. O bago ang petsang sinasabi ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County na ang mga serbisyo ay ihihinto o babawasan. Kapag humiling ka ng Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na matanggap ang paggamot sa iyo. Dagdag pa rito, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyong natanggap habang nakabinbin ang Pagdinig ng Estado.

Kung humiling ka ng pagpapatuloy ng benepisyo, at kinumpirma ng huling desisyon ng Pagdinig ng Estado ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyong natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang pagdinig ng estado.

Gaano Katagal ang Pagpapasya sa Pamamagitan ng Pagdinig ng Estado?


Pagkatapos mong humingi ng Pagdinig ng Estado, maaaring tumagal nang hanggang 90 araw upang mapagpasyahan ang iyong kaso at makapagpadala sa iyo ng sagot.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Maaari Ba Akong Magkaroon ng Pagdinig ng Estado Nang Mas Mabilis?

Kung sa palagay mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng ganoong katagal, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw na may trabaho. Hilingin sa iyong doktor o ibang provider na magsulat ng liham para sa iyo. Maaari ding ikaw mismo ang sumulat ng liham. Ang liham ay dapat detalyadong nagpapaliwanag kung paanong ang paghihintay nang hanggang 90 araw para sa pagdedesisyon ng iyong kaso ay seryosong makakasama sa iyong buhay, sa iyong kalusugan, o sa iyong kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na paggana. Pagkatapos ay tiyakin na hihiling ka ng “pinabilis na pagdinig” at magbigay ng liham na may kahilingan mo para sa pagdinig.

Maaari kang humiling ng pinabilis (mas mabilis) na Patas na Pagdinig ng Estado kung sa palagay mo ay magdudulot ng malubhang problema sa iyong kalusugan ang normal na timeframe na 90 araw ng kalendaryo, kabilang ang mga problema sa iyong kakayahang makakuha, mapanatili, o mabawi ang mahahalagang paggana sa buhay. Ang Department of Social Services, State Hearings Division, ay magrerepaso sa iyong kahilingan para sa isang pinabilis na Pagdinig ng Estado at magpapasya kung ito ay kwalipikado. Kung ang iyong kahilingan sa pinabilis na na pagdinig ay maaprubahan, isasagawa ang pagdinig, at ang desisyon sa pagdinig ay ibibigay sa loob ng 3 araw na may trabaho mula sa petsa na ang iyong kahilingan ay natanggap ng State Hearings Division.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

MAHAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMANG MEDI-CAL NG ESTADO NG CALIFORNIA

Sino Ang Makakakuha ng Medi-Cal?

Maaari kang maging kwalipikado para sa Medi-Cal kung ikaw ay isa sa mga grupong ito:

- 65 taong gulang, o mas matanda
- Wala pang 21 taong gulang
- Isang adulto, nasa pagitan ng 21 at 65 batay sa pagiging kwalipikado ng kita
- Bulag o may kapansanan
- Buntis
- Ilan sa mga takas, o mga imigranteng Taga-Cuba/Taga-Haiti
- Tumatanggap ng pangangalaga sa nursing home
- Mga indibidwal sa ilalim ng edad na 26 na taon, o mahigit sa edad na 50 taon anuman ang katayuan sa imigrasyon

Ikaw ay dapat na nakatira sa California upang maging kwalipikado para sa Medi-Cal. Tawagan o bisitahin ang opisina ng social services sa iyong lokal na county para sa aplikasyon sa Medi-Cal, o kumuha ng isa sa Internet sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/ApplyforMedi-Cal.aspx>.

Kailangan Ko Bang Magbayad Para Sa Medi-Cal?

Maaaring kailangan mong magbayad para sa Medi-Cal depende sa halaga ng pera na nakukuha mo o kinikita sa bawat buwan.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang iyong kita ay higit sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad ng kaunting pera para sa iyong medikal o mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya. Ang halaga na iyong binabayaran ay tinatawag na 'bahagi sa gastos' (share of cost). Kapag nabayaran mo na ang 'bahagi sa gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang natitirang saklaw na bayaring medikal para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang madeikal na gastusin, wala kang kailangang bayaran.
- Maaaring kailangan mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang pagpapagamot sa ilalim ng Medi-Cal. Nangangahulugan ito na magbabayad ka ng halaga mula sa iyong bulsa sa tuwing kukuha ka ng serbisyong medikal o paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya o iniresetang gamot (medisina) at ng co-payment kung nagpunta ka sa emergency room ng ospital para sa iyong mga regular na serbisyo. Sasabihin sa iyo ng iyong provider kung kailangan mong gumawa ng co-payment.

Available Ba Ang Transportasyon?

Kung nahihirapan kang makarating sa iyong mga medikal na appointment o mga appointment sa paggamot sa droga at alak/alkohol, matutulungan ka ng programang Medi-Cal na makahanap ng transportasyon.

Ang hindi transportasyong hindi pang-emergency at hindi medikal na transportasyon ay maaaring ibigay para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na hindi makapagbigay ng transportasyon nang mag-isa at may pangangailangang medikal upang makatanggap ng ilang mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong sa transportasyon, makipag-ugnayan sa iyong plano sa pinangangasiwaang pangangalaga para sa impormasyon at tulong.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Kung mayroon kang Medi-Cal ngunit hindi nakatala sa isang plano ng pinangangasiwaang pangangalaga at kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County para sa tulong. Kapag nakipag-ugnayan ka sa kumpanya ng transportasyon, hihingi sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment. Kung kailangan mo ng transportasyong medikal na hindi pang-emergency, ang iyong provider ay maaaring maghatol sa iyo ng transportasyong medikal na hindi pang-emergency at iugnay ka sa isang provider ng transportasyon para sa koordinasyon ng iyong pagbiyahe patungo at mula sa iyong (mga) appointment.

PAUNANG DIREKTIBA

Ano ang Nangungunang Direktiba (Advance Directive)?

May karapatan kang magkaroon ng paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay nakasulat na mga tagubilin tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Kabilang dito ang impormasyong nagsasaad kung paano mo gustong ibigay ang pangangalagang pangkalusugan o nagsasabi kung anong mga desisyon ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo magawang magsalita para sa iyong sarili. Maaari mong marinig kung minsan ang isang paunang direktiba na inilalarawan bilang habilin ng buhay (living will) o matibay na pagbibigay ng awtorisasyon (power of attorney).

Tinutukoy ng batas ng California ang isang paunang direktiba bilang alinman sa pasalita o nakasulat na tagubilin para sa pangangalaga sa kalusugan ng indibidwal o isang awtorisasyon/power of attorney (isang nakasulat na dokumento na nagbibigay ng pahintulot sa isang tao na gumawa ng mga desisyon para sa iyo). Ang lahat ng mga county ng Drug Medi-Cal



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Organized Delivery System ay kinakailangang magkaroon ng mga ipinapatupad na patakaran sa paunang direktiba. Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran ng paunang direktiba ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County at isang paliwanag ng batas ng estado, kung hihilingin ang impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County para sa higit pang impormasyon.

Ang isang paunang direktiba ay idinisenyo upang payagan ang mga tao na magkaroon ng kontrol sa paggamot ng kanilang sarili, lalo na kapag hindi sila makapagbigay ng mga tagubilin tungkol sa pangangalaga sa kanilang sarili. Ito ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa mga tao na sabihin nang maaga kung ano ang kanilang mga naisin, kung sila ay hindi makapagpasya sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang isang paunang direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi:

- Ang iyong pagtatalaga ng isang ahente (isang tao) na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong indibidwal na mga tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan

Maaari kang makakuha ng form para sa isang paunang direktiba sa iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County o online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga tagubilin sa paunang direktiba sa lahat ng provider mo ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang direktiba, maaari kang magpadala ng liham sa:

California Department of Justice

Attn: Public Inquiry Unit,

P. O. Box 944255


Sacramento, CA 94244-2550

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG BENEPISYARYO

Ano ang Aking Mga Karapatan Bilang Isang Tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Bilang isang taong kwalipikado para sa Medi-Cal at naninirahan sa isang County ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, mayroon kang karapatan na tumanggap ng medikal na kinakailangang mga serbisyo sa paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County. May karapatan kang:

- Tratuhan nang may paggalang, na binibigyan ng nararapat na pagsasaalang-alang ang iyong karapatan sa pagkapribado at ang pangangailangang panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng iyong medikal na impormasyon.
- Tumanggap ng impormasyon sa mga magagamit na opsyon sa paggamot at mga alternatibo, na ipinapakita sa paraang naaangkop sa kondisyon at kakayahang umunawa ng Benepisyaryo.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Makibahagi sa mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga sa karamdaman sa paggamit ng substansya, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Tumanggap ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang mga serbisyong available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kapag medikal na kinakailangang gamutin ang isang kondisyong pang-emergency o isang apurahan o nasa krisis na kondisyon.
- Tumanggap ng mga impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyo sa paggamo ng karamdaman sa paggamit ng substansya na sakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County, iba pang mga obligasyon ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County, at ang iyong mga karapatan tulad ng inilalarawan dito.
- Protektahan ang iyong kumpidensyal na impormasyon sa kalusugan.
- Humiling at tumanggap ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at humiling na ang mga ito ay amyendahan o itama kung kinakailangan.
- Tumanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, malalaking sukat ng limbag, at audio na format) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na naaangkop para sa format na hinihiling.
- Tumanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga wikang ginagamit nang hindi bababa sa limang porsyento o 3,000 ng mga benepisyaryo ng iyong Drug Medi-Cal Organized Delivery System County, alinman ang mas mababa.
- Tumanggap ng mga serbisyo ng pasalitang interpretasyon para sa iyong mas gustong wika.
- Tumanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County na sumusunod sa mga



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.



kinakailangan ng kontrata nito sa Estado sa mga lugar na mayroong mga serbisyo, mga kasiguruhan ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga, at saklaw at awtorisasyon ng mga serbisyo.

- Pag-access sa mga Pahintulot ng Serbisyo sa Menor de edad, kung ikaw ay isang menor de edad.
- Pag-access ng mga out-of-network ng serbisyong medikal na kinakailangan sa isang napapanahong paraan, kung ang plano ay walang empleyado o contract provider na maaaring maghatid ng mga serbisyo. Ang "out-of-network provider" ay nangangahulugang isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County. Dapat tiyakin ng county na wala kang dagdag na babayaran para sa pagpapatingin sa isang out-of-network provider. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng benepisyaryo sa 1-888-742-7900 at pindutin ang 7 para sa impormasyon kung paano makakatanggap ng mga serbisyo mula sa isang out-of-network provider.
- Humiling ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng network ng county, o isang nasa labas ng network, nang walang dagdag na gastos para sa iyo.
- Maghain ng mga karainan, pasalita man o pasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap.
- Humiling ng apela, pasalita man o pasulat, sa pagtanggap ng paunawa ng Pagpapasya na Salungat sa Benepisyo, kasama ang impormasyon ng mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na apela.
- Humiling ng patas na pagdinig ng Estado sa Medi-Cal, kabilang ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na Pagdinig ng Estado.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pag-iisa na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Maging malaya sa diskriminasyon paara magamit ang mga karapatang ito nang hindi masamang naapektuhan kung paano ka tinatrato ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County, mga provider, o ng Estado.

Ano-ano Ang Aking Mga Responsibilidad Bilang Isang Tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Bilang isang tumatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, responsibilidad mong:

- Maingat na basahin ang mga materyal na nagbibigay-impormasyon sa benepisyaryo na natatanggap mo mula sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng iyong County. Makakatulong sa iyo ang mga materyal na ito na maunawaan kung aling mga serbisyo ang magagamit at kung paano ka makakakuha ng paggamot kung kailangan mo ito.
- Magpunta sa nakaiskedyul mong paggamot. Magkakaroon ka ng pinakamahusay na resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider sa kabuuan ng iyong paggamot. Kung kailangan mong laktawan ang isang appointment, tawagan ang iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras nang maaga at muling magpa-iskedyul para sa ibang araw at oras.
- Palaging dalhin ang iyong Medi-Cal (Drug Medi-Cal Organized Delivery System County) ID card at isang photo ID kapag nagpupunta ka para magpagamot.
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng interpreter bago ang iyong appointment.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kung mas kumpletong impormasyon ang iyong ibinabahagi tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas magiging matagumpay ang paggamot sa iyo.
- Siguraduhing itanong sa iyong provider kung mayroon kang anumang mga katanungan. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Maging handa ang kalooban sa pagbuo ng isang matibay na relasyon ng pakikipagtatrabaho sa provider na gumagamot sa iyo.
- Kontakin ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga serbisyo sa iyo o kung mayroon kang anumang mga problema sa iyong provider na hindi mo kayang maresolba.
- Sabihin sa iyong provider at sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County kung mayroon kang anumang mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang address, numero ng telepono, at anumang iba pang impormasyong medikal na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang lumahok sa paggamot.
- Tratuhan nang may paggalang at kagandahang-loob ang mga tauhan na nanggagamot sa iyo.
- Kung naghihinala ka na mayroong pandaraya o maling gawain, iulat ito:
 - Hinihiling ng Department of Health Care Services na sinumang naghihinala na may pandaraya, pag-aaksaya o pag-abuso sa Medi-Cal ay dapat tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa palagay mo ay isa itong emergency, pakitawagan ang **911** para sa agarang tulong. Ang tawag ay libre, at ang tumatawag ay mananatiling hindi makikilala.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.




- Maaari ka ring mag-ulat ng hinihinalang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng pagpapadala ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.

KAHINGAN SA PAGLIPAT NG PANGANGALAGA

Kailan ako maaaring humiling na panatilihin ang aking dati at kasalukuyang out-of-network provider?

- Pagkatapos sumali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County, maaari mong hilingin na panatilihin ang iyong out-of-network provider kung:
 - Ang paglipat sa isang bagong provider ay magresulta sa isang malubhang pinsala sa iyong kalusugan o madaragdagan ang iyong panganib na maospital o mailagay sa institusyon; at
 - Ikaw ay tumatanggap ng paggamot mula sa out-of-network provider bago ang petsa ng iyong paglipat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Paano ko hihilingin na panatilihin ang aking out-of-network provider?

- Ikaw, ang iyong mga awtorisadong kinatawan, o ang iyong kasalukuyang provider, ay maaaring magsumite ng kahilingan nang nakasulat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System County. Maaari mo ring kontakin ang Member Services sa 1-888-742-7900 at pindutin ang 7 para sa impormasyon kung paano humiling ng mga serbisyo mula sa isang out-of-network provider.
- Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay magpapadala ng nakasulat na pagkilala sa pagtanggap ng iyong kahilingan at magsisimulang iproseso ang iyong kahilingan sa loob ng tatlong (3) araw na may trabaho.

Paano kung patuloy akong nagpapatingin sa aking out-of-network provider pagkatapos lumipat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County?

- Maaari kang humiling ng retroactive na kahilingan ng paglipat sa pangangalaga sa loob ng tatlong (30) araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang mga serbisyo mula sa out-of-network provider.

Bakit tatanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?

- Maaaring tanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ang iyong kahilingang panatilihin ang iyong dati at kasalukuyang out-of-network provider, kung:
 - Ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay may dokumentadong mga isyu sa kalidad ng pangangalaga ng provider.



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.

Ano ang mangyayari kung ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga ay tinanggihan?

- Kung tinanggihan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ang paglipat ng iyong pangangalaga, ito ay:
 - Ipapaalam sa iyo sa pamamagitan ng pagsulat;
 - Mag-aalok sa iyo ng kahit isang in-network na kahaliling provider na naghahandog ng kaparehong antas ng mga serbisyo gaya ng out-of-network provider; at
 - Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatang maghain ng karaingan kung hindi ka sang-ayon sa pagtangi.
- Kung ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay nag-aalok ng maraming kahaliling in-network provider at hindi ka makapili, saka ka isasangguni o magtatalaga sa iyo ng in-network provider ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System County at aabisuhan ka sa referral na iyon o ng pagtatalaga sa pamamagitan ng pagsulat.

Ano ang mangyayari kung maaprubahan ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?

- Sa loob ng pitong (7) araw ng pag-apruba ng kahilingan sa paglipat ng pangangalaga ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ay magbibigay sa iyo ng:
 - Pag-apruba ng kahilingan;
 - Tagal ng pagsasaayos ng paglipat ng pangangalaga;
 - Proseso na magaganap sa transisyon o paglipat ng iyong pangangalaga sa katapusan ng pagpapatuloy ng panahon ng pangangalaga; at



Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.


- Karapatan mong pumili ng ibang provider mula sa provider network ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county kahit anong oras.

Gaano kabilis mapoproseso ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?

- Kukumpletuhin ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng County ang pagrerepaso nito sa iyong kahilingan sa paglipat o transisyon ng pangangalaga sa loob ng tatlung (30) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkatanggap sa iyong kahilingan ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County.

Ano ang mangyayari sa pagtatapos ng panahon ng aking paglipat ng pangangalaga?

- Aabisuhan ka nang nakasulat ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System County, tatlung (30) araw sa kalendaryo bago matapos ang panahon ng transisyon ng pangangalaga, tungkol sa prosesong mangyayari para mailipat sa in-network provider ang pangangalaga sa iyo sa katapusan ng takdang panahon ng paglipat o transisyon ng pangangalaga.

 Tawagan nang libre ang Los Angeles County Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa 1-888-742-7900, pindutin ang 7 (TTY: TDD 711), available mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Para sa higit pang impormasyon, bumisita online sa ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm.